O Allah sa Iyo ako ay sumuko at sa Iyo ako ay naniwala at sa Iyo ako ay umaasa at sa Iyo ako ay lumingon [upang magsisi] at upang makipagtalo,O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Kadakilaan Mo,Wala nang Ibang Diyos na dapat sambahin maliban sa Iyo,Sa pagligaw Mo sa akin,Ikaw ang [walang hanggang] Buhay,na Hindi Namamatay; At ang mga Engkanto at mga Tao ay namamatay.

Ayon kay `Abdullāh bin `Abbās, malugod si Allah sa kanilang dalawa-din; Tunay na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsasabi:((O Allah sa Iyo ako ay sumuko at sa Iyo ako ay naniwala at sa Iyo ako ay umaasa at sa Iyo ako ay nagsisi at sa Iyo upang nakipagtalo ako,O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Kadakilaan Mo,Wala nang Ibang Diyos na dapat sambahin maliban sa Iyo,Sa pagligaw Mo sa akin,Ikaw ang [walang hanggang] Buhay,na Hindi Namamatay; At ang mga Engkanto at mga Tao ay namamatay))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

At ayon kay Ibn `Abbas,tunay na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ay nagsasabi: ((O Allah sa Iyo ako ay sumuko) ibig sabihin ay: Pagsunod na hayag,at wala ng iba sa Iyo (At sa Iyo ako ay naniwala) Ibig sabihin ay:paniniwalang lingid (at sa Iyo ako ay umaasa) Ibig sabihin ay:Isinuko ko ang lahat ng gawain ko upang Ikaw ang mamahaala rito,Sapagkat wala akong pag-aangkin sa kapakinabangan nito at wala rin ang kapinsalaan nito,(at sa Iyo ako ay nagsisi) Ibig sabihin :Bumabalik ako mula sa mga kasalanan patungo sa pananampalataya o mula sa Kapabayaan patungo sa Pag-aalaala,(at sa Iyo) dahil sa Tulong mo (nakipagtalo ako)ibig sabihin ay: nakipaglaban ako sa mga kalaban Mo,(O Allah! Ako ay nagpapakupkop sa Kadakilaan Mo) ibig sabihin ay: dahil sa kapangyarihan Mo,Sapagkat ang lahat ng Kadakilaan ay para sa Allah,(Wala nang Ibang Diyos na dapat sambahin maliban sa Iyo) Wala ng karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo,at wala ng dapat hilingan maliban sa Iyo,at hindi dapat magpakupkop [sa sinuman] maliban sa Iyo,(Sa pagligaw Mo sa akin) Ako ay nagpapakupkop na iligaw mo ako pagkatapos na akoy Patnubayan Mo,at biniyayaan Mo ako sa pagsunod ng Hayag at Lingid sa Panuntunan Mo at Itinakda Mo,at Pagsisisi sa Kadakilaan Mo,at ang Pakikipagtalo sa mga kalaban Mo at ang paghingi ng Tulong sa lahat ng kalagayan saKadakilaan Mo at Tagumpay Mo,(,Ikaw ang [walang hanggang] Buhay,na Hindi Namamatay; At ang mga Engkanto at mga Tao ay namamatay)